REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BILANG 26**

**KAPASIYAHAN NA NAGTATAG NG " MUNTINLUPA DRUG ABUSE PREVENTION COUNCIL" NA NAGSASAGAWA NG MGA PARAAN AT PAG-AARAL UPANG MATIGIL ANG PANG-AABUSO SA IPINAGBABAWAL NA GAMOT.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, isa sa mga pangunahing suliranin ng ating bayan ay ang pagkalulong sa mga ipinagbabawal na gamot ng mga kabataan;

SAPAGKAT, ang mga nalululong sa ipinagbabawal na gamot ay nakagagawa ng hindi tama tulad ng pagnanakaw, pagpatay at iba pang masasamang bisyo;

SAPAGKAT, kinakailangang mapigilan at masugpo ang paglubha ng mga nagugumon sa masamang bisyong ito;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng lupon na kabibilanangn ng mga kinatawan sa iba't-ibang sektor na magsasagawa ng mga pag-aaral at pamamaraan upang mapigil ang lumalaganap na bisyong pagkagumon sa ipinagbabawal na gamot ay nararapat lamang upang mabigyan ng angkop na kalutasan ang problemang ito;

SAPAGKAT, ang lupon din ang makikipag-ugnayan sa mga nararapat na ahensya ng pamahalaan, upang maging matagumpay ang programang ito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magtatag ng "Muntinlupa Drug Abuse Prevention Council" na magsasagaw ng mga paraan at pag-aaral upang matigil ang pang-aabuso sa ipinagbabawal na gamot.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 17 pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-13 ng Hunyo 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO :

KGG.IGNACIO R. BUNYE
Puneng Bayan/Panguleng Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vtm